# BONUS: TULONG SA MGA GURONG KINAKAPOS

*by:*
**Shiela M. Rivera, EdD**
*Master Teacher I, Magsaysay Elementary School*

Sa bawat paglipas ng panahon ay unti-unting nababawasan ang ningas ng dedikasyon ng mga guro sa kanilang sinumpaang trabaho dahil sa patuloy na pagbabago ng sistema. Marami na sa atin ang nahihirapan dahil sa tambak na trabaho at dagdag na obligasyon kapalit ng kakarampot na sahod. Ang perang tinatanggap mula sa ating pinaghirapan ay napupunta rin sa gastos para sa paaralan. Hindi naman lingid sa ating kaalaman na may mga guro na nagbibigay din pagkain sa mga mag-aaral nilang walang makain, ang iba pang gastusin ay sinasagot rin nila mula sa kanilang bulsa tulad ng panlinis ng silid-aralan, kurtina, dust pan at iba pang gamit kesa humingi ng donasyon mula sa mga magulang. Karamihan din sa mga guro ay bumibili rin ng sarili nilang bondpapers, ink at iba pang kagamitan para sa printing ng kanilang mga test papers at lesson plan. Sa ganitong kadahilanan ay paano hindi maeexcite ang mga guro pagdating sa bonus at iba pang incentives? Kung sa sahod pa lang ay kinakatapos na ang mga ito. Ilang beses na napako ang mga pangakong malakihang pagtataas ng sahod ng mga nasa gobyerno kaya umaasa na lang ang karamihan sa ibibigay na bonus na nagiging pantustos sa kulang na ibinibigay ng sahod na natatanggap.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Ang pagbibigay ng bonus ay simpleng paraan lamang ng pagkilala sa mga nagagawa mga guro. Ang karagdagang pera na ito ay maaaring gamitin upang matugunan ang mga personal na pangangailangan niya at ng kanyang pamilya. Dagdag pa rito, isa rin itong lunas sa mga gurong may karamdaman na maaari nilang magamit sa pagbili ng kanilang mga gamot. Ito rin ang pumipigil sa financial pressure na maaaring makaapekto sa kanilang trabaho at kalidad ng kanilang pagtuturo.

Sa mga panahon ng bigayan ng bonus at iba pang incentives ay kapansin-pansin ang ipinapakita nitong sigla, lakas at pursige ng mga guro na mas ibigay pa ang kanilang husay sa pagbibigay ng diwa sa kanilang mga aralin. Sa ganitong pagkakataon ay nabibigyan rin ng dagdag motibasyon para sa kanilang mas mahusay na pagganap ng kanilang mga gawain.

Bukod pa rito, naiisip ng mga guro na deserved nila o nararapat lang itong ibigay sa kanila mula sa sandamakmak na stress, pagod na kanilang tinatamasa sa araw-araw. Ayon sa isang panayam sa Philstar, ang pagtataas ng sweldo ng mga guro ang dapat gawing prayoridad ng gobyerno lalo na't hindi ito makapagserserbisyo kung kumakalam ang kanilang tiyan. Sa pamamagitan ng bonus at incentives ay nagiging bahagi ito ng makatarungang pagkilala sa dedikasyon at sakripisyo nila sa pagbibigay ng sapat na kaaalaman at paghubog ng buong pagkatao na mga mag-aaral.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

https://www.philstar.com/pilipino-star-ngayon/bansa/2023/03/03/2249047/dagdag-sahod-delayed-benefits-ng-guro-ikinalampag-sa-posibleng-93-inflation